



NEW MUSLIM  
ACADEMY

# Ang Salaysay ng Qur'an na may Kaugnayan sa Salaysay ng Bibliya





Ang Qur'an ang huling testamento at Banal na Aklat ng Allah. Ito ang panghuli sa mga banal na aklat na ipinahayag ng Allah. Dahil dito, ay naglalaman ito ng lahat ng kailangan ng mga tao na pang-espiritwal na liwanag, patnubay, at kaalaman. Kinukumpirma nito ang katotohanan na matatagpuan sa naunang mga banal na kasulatan, bukod pa sa pagiging nakatataas nito sa kanila, dahil ito ang huling testamento na may pangkalahatang pagpapairal, hindi limitado sa oras o lugar, at sa katunayan ay pinangangalagaan ng Allah ang Qur'an mula sa pagbabago. Pinili ng Allah ang Qur'an upang pawalang-bisa ang lahat ng mga naunang Banal na Kasulatan at maging Kanyang huling salita sa sangkatauhan.



Kapag tinitingnan kung ano ang natitira sa naunang mga Banal na Kasulatan, tulad ng nilalaman ng Bibliya, ay sinusunod natin ang ilang mga pahayag. Kung pinatutunayan ng Qur'an ang mga salita na matatagpuan sa naunang mga Banal na Kasulatan, sa gayon ay tinitiyak natin ito dahil sa pagbanggit nito sa Qur'an.

Gayunpaman, kung ang Qur'an ay hindi sumasang-ayon o nagbibigay ng ibang kautusan, sinusunod natin ang mensahe ng Qur'an at hindi pinapansin ang anumang bagay. Dahil dito, ay sinabi sa atin ni Propeta Muhammad (SAWS) na tumuon sa Qur'an at na ito ay sapat na para sa atin. Nang ang kanyang alagad na si Omar (RA), ay nakita isang araw na may ilang mga pahina mula sa Tora, si Propeta Muhammad (SAWS) ay nagalit.

**Sinabi niya kay Omar (RA) na sapat na ang Qur'an at na kahit na kung si Propeta Moses (AS) ay nabubuhay, siya rin ay kinakailangang sumunod kay Propeta Muhammad (SAWS) bilang utos ng Allah.**



Ang naunang mga banal na kasulatan ay binago sa paglipas ng panahon. Ang mga ito ay wala na sa kanilang orihinal na malinis na anyo gaya ng ipinahayag ng Allah. Kaya't di nila kinatawan ang tunay na mga banal na Aklat na ipinahayag kay Propeta Moses o kay Hesus (AS). Ang isang paraan kung saan ito ay mapapansin ay sa mga kasaysayan ng mga Sugo. Para sa Muslim, ang mga Sugo ng Allah ang pinakamahusay sa mga tao at hindi kailanman kusang sumuway sa Allah o gumawa ng mga malaking kasalanan. Sila ay mga kumikinang na liwanag at magandang halimbawa sa kanilang mga tao at sa pangkalahatang sangkatauhan. Gayunpaman, hindi ito ang matatagpuan sa Bibliya.







Ang isang halimbawa nito ay matatagpuan sa kasaysayan ni Propeta Noah (AS). Sa Qur'an, si Propeta Noah (AS) ay inilarawan bilang isang taong matiisin, matatag, at mapagpasalamat, at isa sa mga pinakadakilang Sugo ng Allah. Gayunpaman, sa salaysay ng Bibliya, si Propeta Noah (AS) ay inilarawan bilang isang gumagawa ng alak at bumibili. Sa isang salaysay, siya ay nalasing at natulog ng hubad, labis na ikinagulat ng kanyang mga anak. Ito ay isang salaysay na ganap na tinanggihan ng mga Muslim.



Ang isa pang halimbawa ay matatagpuan sa kasaysayan ni Propeta Lot (AS). Sa Qur'an, si Propeta Lot (AS) ay pinuri ng Allah sa maraming pagkakataon. Ang kanyang kasaysayan ay paulit-ulit bilang halimbawa ng isang Sugo na nakipaglaban sa kanyang mga tao at humadlang sa kanila mula sa immoralidad, kalaswaan at kahalayan. Labis niyang pinangalagaan ang kanilang patnubay at kaligtasan at itinuro sila sa landas ng Allah at matuwid na pag-uugali. Pinayuhan at pinaalalahanan niya ang ito, binalaan sila sa galit ng Allah at parusa, at ipinakita sa kanila ang mga paraan na makapagpapasiya sa Allah. Sa salaysay ng Bibliya, si Lot (AS) ay inilarawan bilang isang lasing at isang taong nagkaroon ng malapit na relasyon sa kanyang sariling mga anak na babae. Ang mga ito ay dalawang halimbawa lamang upang ipakita ang negatibong liwanag kung saan inilarawan ang mga Sugo sa Bibliya, nguni't mayroong mga iba pa.



Ayon sa Bibliya, si Aaron ay gumawa ng isang gintong guya na sasambahin maliban sa Allah, kaya ang paglabag sa pangunahing paniniwala at ang pinakadakilang eksklusibong Banal na kautusan sa pagsamba sa Nag-iisang Tunay na Diyos. Si Propeta Solomon (AS) ay sinasabing sumasamba sa huwad na mga diyos upang pasayahin ang kanyang paganong mga maybahay. Si Propeta David (AS) ay sinasabing nangalunya. Ang lahat ng mga ito ay malaking mga kasalanan at sumasalungat sa batas ng Allah. Wala sa nasa itaas ang binanggit sa salaysay ng Qur'an, sa halip ay ipinapahayag na ang lahat ng mga Sugong ito ay pinili ng Allah at masunuring mga tagapaglingkod at pinapalaya sila mula sa mga maling pag-aangkin at kasinungalingan laban sa kanila.






Ang Qur'an ay nakatuon sa pangunahing paksa sa pagsamba sa Allah ng nag-iisa at inilalaan ang lahat ng uri ng pagsamba lamang sa Kanya. Sa layuning ito, ang Qur'an ay madalas na binabanggit ang tungkol sa Allah, ang Kanyang mga pangalan at mga katangian, at Kanyang mga kapangyarihan at mga kakayahan. Kasama sa paksang ito, ang tema ng paniniwala ay hindi nagbabago, gaya ng karamihan sa Qur'an ay tungkol sa ibang mga prinsipyo ng paniniwala lalo na ang Araw ng Paghuhukom at ano ang kasunod na darating na Paraiso at Impiyerno. Hindi ito ginagawa sa parehong antas at lawak sa salaysay ng Bibliya.





Ang Qur'an ay naglalaman din ng mga batas at mga kautusan; mga bagay na ginawang obligado at ipinagbabawal ng Allah. Kabilang dito ang mga gawaing pagsamba, gayundin ang mga batas na nauukol sa buhay ng tao mula sa pagkain, inumin, at kasuotan, sa agrikultura at kalakalan, sa kasal at diborsyo. Ang mga gawaing pagsamba na binanggit sa Qur'an ay naiiba mula sa binanggit sa naunang mga banal na kasulatan. Ang Islamikong mga konsepto ng pang-araw-araw na ritwal na mga pagsamba, pagbabayad ng kawanggawa, pag-aayuno, at pagsasagawa ng Hajj o Umrah ay magkaiba gaya ng makikita sa salaysay sa Bibliya sa kasalukuyan. Sa parehong paraan, ay nakadetalye sa Qur'an ang batas sa pagpapakasal at diborsyo, mana, at iba pang mga aspeto ng pang-araw-araw na buhay, tulad pagngkain at pag-inom.





Bagaman ang salaysay ng Bibliya ay naglalaman din ng mga aspeto ng pagsamba at batas, ang mga ito ay nagkakaiba sa ilang mga detalye kaysa sa Qur'an. Tulad ng naunang nabanggit, ang Qur'an ay nagpapatunay sa naunang mga kautusan at batas o pinawalang-bisa ito. Samakatwid, ang kosher o tamang batas sa pagkain ng Hudaismo ay pinalitan ng halal na mga batas na nauukol sa pagkain at inumin na binanggit sa Qur'an. Ito ang magiging saligan sa lahat ng mga kautusan ng Allah.

Tulad nito, dahil mahirap itong matukoy kung ano ang nagmula sa naunang mga banal na kasulatan ang nananatili sa orihinal nito at malinis na anyo, at samakatwid ay nagmula sa Allah, itinuro sa atin na ang Qur'an ay sapat , at naglalaman ng buong patnubay at kaalaman na ating kailangan. Sa katunayan, kahit na ang mga banal na kasulatan na ito ay nasa orihinal na anyo, ang Qur'an ay pinapalitan kung ano ang makikita sa kanila. Samakatwid, ang Qur'an ay sapat ng patnubay para sa buong sangkatauhan.



